

# 1

Tyler Salvatierra was not looking or waiting for anything that fine Saturday morning. Matapos ang isang early morning meeting kasama ang kanyang staff at ang team na hahawak sa TV commercial na nakatakdang simulang i-shoot sa araw na iyon, dumerecho na siya ng uwi upang bumawi ng tulog buong weekend.

Ilang linggo na rin siyang puyat dahil abala sa samu't saring activity na may kinalaman sa ad campaign ng bagong SUV line ng *Amiro Motors*, ang isa sa mga papausbong na brand ng hybrid cars sa Asia Pacific region. He loved his job, may limang taon na rin siyang nasa *Amiro Motors* at wala siyang mairereklamo. Maliban na lang siguro sa mga pagkakataong ganito na minsan ay wala na siyang konsepto ng oras. He could be a workaholic and yet, he always regretted being such when he would go home and would feel like all the energy had been sucked out of him.

Ilang linggo na siyang hindi nakakauwi sa bahay ng mga magulang sa Carmona, Cavite. Nami-miss na niyang maka-bonding ang mga kapatid at mga

pamangkin. Bihira na rin niyang mapagkikita ang mga kaibigan kahit pa nasa parehong condominium complex lang ang gaming bar na pag-aari nila. All he did over the past several weeks was work, work and work.

*Damn, I haven't even been laid in months.* Napailing siya. Well, it's been what, three months since he last went out on a date? Three months since he got laid. He couldn't even remember now what it felt like. Probably it wasn't that memorable.

Siguro mamayang gabi ay tatambay siya sa *Playa*, ang gaming bar na pagmamay-ari niya kasama ang dalawang kaibigan, baka may makilala siya roon. Kahit pang-isang gabi lang. Para lang ma-check niya at baka rusty na ang performance niya.

He tapped on the steering wheel. Ilang minuto na ring nakahinto ang sasakyan niya sa designated parking spot niya na iyon sa harap ng *Centralis Two*, ang building kung saan may two-bedroom unit siya sa tenth floor. He squinted through his glasses na ilang linggo pa lang niyang suot. Lumalabo at tila nagtutubig na kasi ang paningin niya, iyon pala ay may astigmatism na siya. Muli siyang napabuntong-hininga, ang mga mata pa naman daw niya ang isa sa kanyang mga assets. Women would look at him

and often compliment his eyes, among other things that fine ladies liked to look at, touch and kiss.

He grinned. He wondered how those women would react when they see his glasses. Ayon sa mga babaeng staff niya ay bagay raw sa kanya. Oh, well... Kinuha niya ang house keys mula sa kanyang backpack at akmang bubuksan ang pinto ng sasakyan nang mula sa kung saan ay lumitaw ang isang pigura.

It was a woman, and a very striking one at that. May kausap ito sa cellphone habang naglalakad. May pagkabrusko ang kilos nito at androgynous ang porma. Hanggang balikang buhok nitong maalon, may side bangs, at tila sadyang ginulo ang style. Wala pang limang metro marahil ang layo ng babae sa kanya, na noon ay huminto pa at humawak sa isa sa mabababang poste na pumapalibot sa mini-park na naghihiwalay sa mga buildings at parking area.

Habang nakikipag-usap ay may ilang sandaling napatingin ito sa gawi niya. That was when he saw how beautiful she was. Her face had near-perfect angles, with a prominent jawline and cheekbones to die for. Bilugan ang mga mata nito, medyo upturned ang sakto lang ang tangos na iling, at maganda ang hugis ng mga labi na pasado siguro para maging endorser ng lipstick.

She obviously had some foreign lineage, maybe Irish or German which blended perfectly with her Filipino blood dahil maganda ang kulay ng balat nito. Hindi maputi at hindi rin kayumanggi. Katamtaman lang at mamula-mula. She was tall, had a slender built, and curves were evident even through those gender-neutral clothes and manly swagger. Oh yes, that manly swagger. Huwag naman sanang lesbian ang isang ito at hindi yata niya matatanggap.

Ngayon lang niya nakita ang babae sa condominium complex na iyon. Nagpasya siyang bumaba ng sasakyan upang lapitan ito at makipagkilala, ngunit itutulak pa lang niya pabukas ang pinto ay natapos na ang pakikipag-usap ng babae sa cellphone, at mabilis na itong naglakad palayo.

Mabilis siyang bumaba ng sasakyan. Alanganin na kung tatawagin pa niya ang estranghera o sasabayan sa paglakad dahil narating na nito ang destinasyon, ang bagong kabubukas na unisex salon sa *Centralis One*. Sandaling bumati ito sa guard bago pumasok sa loob.

Dinama niya ang buhok na matagal na ring hindi napapagupitan dahil sa pagiging abala sa trabaho. He grinned as an idea came to mind. Kumpiyansang naglakad siya patungo sa *Centralis One*, sa salon

kung saan pumasok ang babae, ang *Tod and Mari*. Masiglang binati niya ang guwardya na sumaludo sa kanya bago itinulak pabukas ang pinto.

The smell of mint and chocolate greeted him. *Interesting*. The place was spacious, had Zen interiors and a cozy feel to it. Isang malaking sectional couch ang nasa receiving area habang ang salon ay elevated ng tatlong baitang. Sa kaliwa niya, pagpasok ay ang reception counter kung saan may isang magandang chinitang babae at isang payat na lalaking masyadong put-together ang porma ang curious na nakamasid sa kanya.

“Good morning, Sir,” halos sabay-sabay na bati ng mga ito.

“Hi,” he smiled. “Uhm... I’m just here a for a haircut.”

“Okay. May stylist ka bang suki dito, Sir?” tanong ng babae.

Umiling siya. “Actually, first time ko dito... sa ganito.” He motioned for the place. “I just live in the next building and thought I’d try this one out.”

Lumuwang ang ngiti nito. “Ooh, first timer. Cool!” Iniabot nito ang kamay. “I’m Melissa Chen, but you can call me ‘Liss’. This is Drew,” pakilala nito

sa katabing lalaki. "I'm a part-owner and I have just the perfect stylist for you."

Nagkamay sila ng babae, na tiningnan siya nang mataman pagkatapos. "Malabo ba ang mata mo? We will have to take off your glasses habang ginugupitan ka."

"Oh..." Hinawakan niya ang frame ng salamin. "Okay lang, makakakita pa naman ako." Ngumiti siya.

"Huwag mo munang alisin. Your stylist has to see you in those dahil type niya ang mga guwapong nerd gaya mo." She winked, then she tapped on the slightly open door behind her. "Shawn! You can work on that later! We have a first timer here! Tall, not so dark, but very good-looking! He's wearing glasses! Sexy, gorgeous nerd in the house!" she mock-whistled, dahilan upang matawa siya at si Drew.

"Shawn is our all-around office girl here, pero part-owner din siya nitong *Tod and Mari*. She is also one of the star stylists," imporma ng lalaki.

"Shawn is a she?" tanong niya, na bago pa nasagot ni Drew ay may nagsalita na mula sa loob ng opisina.

"Wait lang, Liss. Three minutes, promise." It was the sexiest alto he'd ever heard. Parang gusto rin

niyang mapa-whistle.

“That is one sexy voice,” hindi mapigilang komento niya.

“Wait till you see her, nerdy boy,” nakangising sabi ni Liss.

“Tyler,” aniya bago napakamot ng ulo. “Sorry, I forgot to say that earlier.”

“Oh, don't you look adorable! Huwag kang aarte ng ganyan mamaya at baka panggigilan ka ni Shawn. Weakness niya ang mga mukhang matalino, eh,” saad nito bago tumaas ang isang kilay. “Hindi ba porma lang iyang glasses mo?”

Umiling siya. “One hundred twenty-five na ang grado ko. I only started wearing this recently, actually,” matapat na sabi niya bago napatingin sa pinto kung saan palabas ang babaeng nakita niya kanina. Napangiti siya.

“Good morning, Sir. Sorry to have kept you waiting. I'm Shawn, and I'll be your stylist for the day,” bati nito, sabay abot ng kamay, na kaagad niyang kinuha. Her hand was warm and a bit rough. But he liked the long fingers.

“Hi.” Hindi niya maalís ang tingin sa mukha ng

babae. Paulit-ulit na nagpe-play sa pandinig niya ang sinabi nito. *That voice...* “Uh, I just need a haircut.”

Tumaas ang kilay nito. “Okay,” she nodded before she pulled her hand from him. “Kailangan mo muna ng shampoo and massage.” Hinawakan siya nito sa likod at iginiya paakyat sa salon area.

“Easy on the first timer, Shawn. Tyler, may insurance ka ba? She’s a heartbreaker. Make sure you’re ready,” pahabol na sabi ni Liss na sinundan nito ng tawa. Ang ilan pang tao na nakarinig doon ay natawa rin.

He could feel his cheeks getting hot. Parang kinakabahan siya habang iginigiya ni Shawn patungo sa isang kuwarto sa dulo ng salon area. Spacious din iyon. Isang metro yata ang pagitan ng bawat recliner na nakatapat sa bawat sink. Mas malamlam lang ang ilaw roon at mahinang down tempo electronica music ang tumutugtog. He felt his heart beat faster as she led him toward a recliner.

“Lie down,” sabi nito pero marahan din siyang itinutulak pahiga. Noon siya tila nahimasmasan at napagtanto ang sitwasyon. He was alone in this dimly lit room, with music conducive for some sexy time, with a beautiful woman and she was asking him, gently pushing him so he would lie down?



“Love to.” He grinned at her, na tinaasan lang siya ng kilay.

“Relax.” Marahan nitong minasa-masahe ang mga balikat niya na may nakapatong na towel.

“How can one relax around you, Shawn?” pangungulit pa niya.

“Ikaw yata ang pinakamadaldal na first timer na nakilala ko,” naiiling na komento nito bago binuksan ang gripo.

“I have to keep talking or I’ll end up thinking... too much,” tugon niya habang halos mapapikit habang minamasahe nito ang anit niya. The fresh, minty smell of the shampoo, and the expert way her fingers were working their way through his scalp, felt like foreplay. It was slow and sensual, and was definitely turning him on. *Shit, Salvatierra, you’re that sex-starved?* “I’m sorry,” bawi niya.

“Sorry for what?” takang tanong nito habang patuloy sa pagmamasaha sa ulo niya. Shawn had managed to stay amazingly calm these past minutes. Gayong sa tingin niya ay napapasobra na ang paglalandi niya.

“I am alone in this room that’s conducive for making out, with someone as beautiful as you are.

And I am allowing this environment to get to me.”

“If all admission of sleazy behavior is as eloquent as that then it’s easy to forgive. So I forgive you. Kalimutan mo na iyon.” Marahang tinapik nito ang balikat niya. “Get up,” utos nito bago kumuha ng isa pang tuwalya at ibinalot iyon sa kanyang ulo. Nang makabangon siya at derechong nakaupo na ay sinimulan nitong tuyuin ang ulo niya.

From his peripherals, he could see that his eyes were now level with her chest, which was covered by a white buttondown shirt, a light jacket, and a dark green apron. *You’re wearing way too many clothes.* And she smelled so good he wanted to lean closer and just touch her skin. With his lips.

“You okay, Tyler?” tanong nito habang pinipigapiga ang ilang section ng buhok niya upang maalis ang tubig.

“I’m good,” mabilis na sagot niya, He inhaled deeply. Wrong move, parang lalo lang niyang nasagap ang bango ng kaharap. Her smell was like citrus, very cool. Her body was barely grazing his arm and shoulder. He wondered if other male customers have reacted to her this way. Or if Shawn was even aware of what she could do by simply standing this close?

“You need to relax. Ayoko ng magalaw habang ginugupitan,” sabi nito bago inalis ang tuwalya sa ulo niya. She gently tapped his shoulder. “Tayo na.”

Kaagad ang ginawa niyang pagtayo, hindi pa man nakakalayo sa kanya ang kausap. Tuloy ay halos magdikit ang mga katawan nila. Iilang pulgada rin lang ang taas niya rito kaya naman kay lapit ng mukha nila ngayon sa isa't isa.

And she didn't make any move to get away. Tila nagulat din ito, at nanatili lang nakatingin sa kanya, na parang pinag-iisipan kung paanong naging ganoon ang ayos nila. The fabric of their clothes were brushing against each other, their faces were just inches apart. He could easily take that lovely face into his hands, run his fingers through that messy hair, and kiss those pouty lips.

Those lips that were slightly open as she stared up at him. And her eyes... *Man!* Was she telling him something or what? Inilapit niya ang mukha rito.

Napakurap ito. “Wait... what are you—” Umatras ito bago napailing. “Time for your cut,” anito. Magaang siyang hinawakan nito sa likod at iginiya pabalik sa salon area.

Bahagyang tumaas ang isang kilay niya at

nangingiting nagpatangay na lang sa babae.

Seemed like Shawn wasn't that unaffected, after all.

---

Hindi alam ni Shawn kung bakit siya kinakabahan. Wala na siyang pakialam kung napapadiin man ang paghagod niya sa mga balikat, punong-braso at leeg ni Tyler habang minamasahe niya ito upang ma-relax bago gupitan. Ibinalik na nito sa mga mata ang black-framed glasses at walang pakialam din kung pagmasdan siya sa kaharap nilang salamin. Minsan ay napapangiti pa ito. Those intense eyes partly obscured by those nerdy glasses plus that goofy grin equals... heart attack.

Kailan pa nagkaroon ng ganoong epekto sa kanya ang isang lalaki? All these years, hindi niya hinahayaang mangyari iyon sa kanya. Sanay siyang makakita at paligiran ng mga guwapo, kung minsan ay panay shirtless pa nga lalo na kung nakatoka siyang mag-assist sa styling para sa isang fashion show o photo shoot.

And it was not like she was the screaming, giggling, boy crazy type. It was the other way around. She was the one who would take advantage when

she noticed some hot guy is smitten, dates him for a few weeks then dumps him when he starts getting comfortable.

Then why was Tyler, an obvious shameless flirt and professional charmer, making her more nervous than she felt during her college thesis defense? And that one was over seven years ago!

“How long have you been in this business, Shawn?” tanong nito.

Na ipinagpapasalamat naman niya. “Four years.”

“And is this something you’ve always wanted to do?”

Umiling siya. “Not really. Advertising major ako noong college. Three years ako sa ad industry after graduation, then during a short course on styling conducted by some international hair experts na parte ng ad campaign para sa isang shampoo brand, nagkita kami ni Liss at ng iba ko pang kaklase noong college. They thought I’m a natural when they saw my work during the course, and asked me to join them,” pag-share niya, na medyo nare-relax na ngayon kahit mataman pa rin siyang tinitingnan ng kausap.

“Nagkataon din na that time, pinapatigil na ako ni Mama sa work dahil lagi daw akong nag-o-

overtime, laging pagod at puyat at di iilang beses nang nagkasakit. I told her about Liss' offer and she was very supportive. So eto, I do this, plus some admin work.” Ngumiti siya bago tinapik ang likod ni Tyler at nilagyan na ng cape. “So, plain haircut lang ba or should we style it as well?”

“Mas magtatagal ba kung may kasamang style?” he asked, grinning.

She rolled her eyes. “Yes. As opposed to just a trim na susundan lang ang dating gupit mo at iikilian.” Hinila niya ang cart na naglalaman ng mga gamit pati na ang isang stool.

“With style, then,” sabi nitong hindi inaalis ang ngiti.

Nailing na naupo siya sa stool sa bandang kaliwa nito bago niya napansin na suot pa rin nito ang salamin sa mata. “Your glasses, please.”

Inalis nito ang salamin at isinabit iyon sa kuwelyo ng t-shirt nito sa ilalim ng cape. Sumulyap ito sa kanya. “At least, I can still see you...” He sniffed. “And smell you.”

Napabuntong-hininga siya. “Ganyan ka ba talaga kalandi?”

Natawa ito. “Only when in the company of someone beautiful, and interesting.” Tinapik nito ang kamay niyang nakahawak sa gilid ng cart ng mga gamit. “Sige na, I’m yours. Bahala ka na sa gusto mong gawin sa akin.”

Napailing siya. “Wala ka bang request kung anong klaseng gupit ang gusto mo?”

“Basta iyong lalo akong guguwapo.” His eyes twinkled mischievously. “Iyong sa tingin mo ay bagay sa akin. You’re the stylist here.”

“Hmm... okay...” Hinawakan niya ang baba nito at pinag-aralan ang mga anggulo ng mukha ng lalaki. Tyler wasn’t the pretty boy type, He was gorgeous. He had chiseled features, expressive almond eyes, thick brows that was naturally slanty, full lips that had a naturally reddish tinge to it. He was probably just a couple of shades lighter than tan, complementing his lean and muscular built. Those broad shoulders, and firm, strong-looking arms didn’t look like a product of gym sessions, but a devotion to a certain discipline or sport.

And his hair... kanina pa niya napapansin kung gaano kalambot ang buhok nito. They were fine and a bit wavy, and as she looked at him now, she knew exactly what cut and style would be great on him.

“All right. Relax. Huwag malikot.” Pinatunog niya ang hawak na gunting. “Or something other than your hair will get cut off.”

“Ouch! Brutal,” kunwa ay kinilabutang sabi nito, bagaman nakangiti pa rin.

Nangingiting sinimulan na niya ang paggupit. Nanahimik naman si Tyler. Mukhang nahalata nitong mas gusto niyang maging focused sa ginagawa. She saw his efforts to keep still, not to look her way as much, pero parang hindi rin nito iyon mapigilan. Panay pa rin ang sulyap nito sa kanya, na parang mawawala siya anumang sandali.

A warm feeling was filling her heart. Why and how on earth did that feeling come to be, when she'd only met this man? Halata ring ito iyong tipo na bihasa na sa paglalandi, at pagkuha sa mga babaeng nagugustuhan nito. Obvious din na natipuhan siya ni Tyler. She was flattered, really, and that was all she was supposed to feel.

Not this kind of warmth and soothing comfort that she hadn't encountered in years. Sa lahat naman ang lalaking makakapagparamdam sa kanya ng ganoon, ang isang gaya pa nito?

Inilipat ni Shawn ang stool sa bandang kanan



ng lalaki upang iyon naman ang gupitan, at pinilit ipako roon ang atensyon. Sinubukan niyang huwag pansinin at lalo na ang maapektuhan ng pagsulyap-sulyap ni Tyler, na tila nananadya pa kung minsan. Maninigas na yata ang leeg at panga niya sa kapipigil sa facial muscles na mag-react. Nagpapasalamat siya nang kinailangan niyang pumuwesto sa likuran ng upuan nito upang ang likod na bahagi naman ng buhok nito ang gupitan.

“Damn, now I can’t see you,” reklamo nito.

Natawa lang siya, ngunit wala nang ibang sinabi pa. Itinuloy niya ang paggupit hanggang sa matapos. Tumayo siya upang tingnan kung may na-miss ang gunting niya. Just a few finishing touches and she was finally done.

She took out the hair dryer from the holder, turned it on, and began wiping around his face and his neck with a sponge to get rid of stray hair. Pagkatapos niyon ay muli niya itong minasahe bago tinapik ang balikat at sinabing tapos na.

“Shawn...” untag nito, hinila pa ang jacket niya. Then he looked into her eyes and began reciting his number. “Then call me, maybe?”

Nailing na iniligpit niya ang mga ginamit. “Wait

for me sa reception area at ipapa-sterilize ko lang ito,” sabi niyang hindi na hinintay pang makasagot ang binata. Kahit may tao namang nakatoka sa paglilinis ng mga gamit ay siya pa rin ang gumawa niyon. Paglabas niya sa reception area ay naabutan niyang parang best friends na kung mag-usap sina Tyler at Liss.

“O, heto na pala ang babaeng nakatak dang dumurog sa puso mo,” nakangising saad ng kaibigan niya na pinandilatan lang niya. Pinirmahan niya ang receipt bago iyon iniabot kay Tyler, na iniabot ang billfold pabalik kay Drew.

“Kung pagsasawaan ba niya ako bago niya saktan ang puso ko, okay lang,” ani Tyler na nagpatawa kay Liss.

“That sounds sleazy pero kapag ikaw ang nagsabi, parang dignified pa din.”

Ngumiti lang ito sa kanya. “I think my family will love this haircut. Hindi ko gaanong napansin kanina dahil masyado akong na-i-distract sa ’yo,” tugon nito bago hinaplos pa ang bagong kagugupit na buhok. “Next time?”

She simply shrugged. “Yeah.”

“I should go,” paalam nito bago tinapik siya sa

braso. Tumango lang siya sa binata, na ilang sandaling minasdan siya bago pumipitong lumabas na ng pinto.

“That man is totally smitten.”

Taas ang kilay na hinarap niya ang kaibigan. “And a major flirt. A pro at that.”

“But he is gorgeous. Lalo na kung walang salamin.”

Napailing lang siya. “Don’t even think about it, Liss.”

“Kunsabagay, mahihirapan kang idispatsa siya gayong d’yan sa kabilang building lang pala nakatira. Baka maging stalker mo pa.” Nagliwanag muli ang mukha nito. “Uh-oh, mukhang may nakalimutang gawin ang guwapong ito.”

“What?” takang tanong niya bago napatingin din sa pinto. Humahangos na papasok si Tyler. Namumula rin ito na parang kay layo ng tinakbo. “Ano’ng nangyari sa ’yo?”

“Hanggang anong oras ka dito?” tanong ng binata habang habol ang paghinga.

“She’ll be ready by seven.” sabad ni Liss, na tiningnan niya nang masama.

“Seven is cool!” Ngumiti ito sa kanya. “I’ll take you to dinner.”

“I have not said yes.” Ngali-ngaling kutusan niya ito.

“Sino ba ang tatanggi sa libreng dinner?” kunwa ay nagtataka pang sabi ni Tyler.

“Paano kung may iba pala akong plano mamaya?”

“Wala siyang ibang plano mamaya. As in zero,” sabad ni Liss. Gusto nang sabunutan ni Shawn ang babae dahil sa pakikialam nito.

“Great!” Tyler stepped closer. “I’ll see you then, Shawn,” he said in a low voice. He leaned to kiss her cheek, but it landed on the side of her lips.

*Oh, my God!*

Hindi yata siya humihinga dahil tila sinadyang patagalin ng lalaki ang paghalik nito roon. Kung hindi pa niya narinig ang pagtikhim ng kaibigan ay hindi niya maiisipang itulak palayo si Tyler, na noon ay parang naengkantong nakatingin sa kanya. Then he slowly, playfully smiled.

“Sinadya mo ’yon?” ngisi nito. Nang ambaan niya ng suntok ay nag-flash ito ng peace sign bago nagpaalam na. “Later!” sabi nito bago lumabas ng

pinto.

“Ayos, parang nakahanap ka ng katapat mo, Shawn,” naiiling na komento ni Liss. “In fairness, bagay kayo.”

“Don’t get any ideas, Liss,” asar na sabi niya bago nagmartsa papasok sa opisina. She didn’t even want to entertain that thought. *Me and Tyler?*

But why on earth did she agree to have dinner with him?

## 2

“Take a picture, it’ll last longer.”

Natawa si Tyler sa sinabing iyon ni Shawn nang mag-angat ito ng tingin mula sa pagpiraso ng choco sansrival cake gamit ang tinidor. The past hour or so that he’d been with her was fun, engaging and far from boring. Kung kanina sa salon ay mailap ang babae, sa nakalipas na lampas isang oras na magkasama silang kumakain sa Italian fusion restaurant na iyon sa loob din ng *Centralis* compound ay madali naman silang nagkapalagayang-loob.

And he couldn’t take his eyes off her since fetching her from the salon. Nangalumbaba siya at minasdan pa ito. Hindi na siya muling kumuha pa sa dessert na pinagsasaluhan nila, na papaubos na rin naman.

“You’re such a nerd, Tyler,” naiiling na sabi nito bago isinubo ang huling piraso ng cake.

“That I am,” he grinned. Hindi talaga nakakasawang tingnan ang mukha ng babae. Mestiza ito pero hindi bland ang features. There was something about her face which gave it more character, hindi lang

niya matukoy kung ano. “At ang suwerte ko lang na pumayag kang makasama ko ngayon.”

She rolled her eyes. “I was actually supposed to say no, but—”

“But you like good-looking, sexy nerds that you just can’t miss a chance to be with one?” Nakangisi pa ring itinuro niya ang sarili.

“But I am not doing anything tonight at wala rin naman akong kasama sa bahay dahil umuwi ng probinsya si Mama at ang kasama namin,” she said wryly, but then she added, as if an afterthought. “And that, too.” Itinuro nito ang kanyang mukha gamit ang tinidor bago iyon naililing na ibinaba sa plato.

Ilang segundong minasdan niya ito. This was the first date he’d ever had na hindi hantarang nakikipag-flirt sa kanya ang isang babae. Shawn hadn’t even openly checked him out, batted her lashes or played footsie with him under the table while they were having dinner. Ang usapan nila ay tungkol sa ilang basic information tungkol sa isa’t isa, sa pamilya, university years, career at sa paparating na elections. Topics na para sa kanya ay walang dating ngunit dahil si Shawn ang kausap niya, naging lubhang interesante ang mga iyon.

And to think she looked quite hesitant earlier at the salon. “Ano iyong sinasabi ni Liss kanina na heartbreaker ka daw?” sa wakas ay naitanong niya.

Nangunot ang noo nito bago bahagyang natawa. “I wouldn’t call myself that. Lalo na dahil sa umpisa pa lang ay nililinaw ko naman sa bawat lalaking nakaka-date ko na wala akong sampalataya sa pakikipagrelasyon.” Ngumiti ito. “I’m all about hanging out and having fun, but no to any sort of commitment or exclusivity.”

Napamaang siya. Hindi niya inaasahan iyon. “Y-you mean...” And he didn’t really even know what she meant.

“I guess people call it serial dating? Parang si Taylor Swift lang.” Natawa ito.

Kahit nawiwindang sa nalaman ay na-amaze naman siya sa tawa ng babae. It was low and sexy, and so alive.

“Kung maka-react ka naman d’yan, parang hindi ka pa naka-encounter ng gaya ko.” Tumaas ang isang kilay nito.

Patuloy na minasdan lang niya ito. Parang hindi niya gusto ang narinig na pareho lang pala ang likaw ng bituka nila. Shawn definitely didn’t look like the



type. She wasn't the very feminine, demure, typical girlfriend material, but she was hot, anyway. And intriguing. Mailap ito kanina, pero nang mapagsolo sila ay nag-o-open naman at masayang kausap. But something about her told him na parang pinagbibigyan lang siya nito, kung hindi man ay sinusubukan.

“Na-shock ka ba? Wala ba sa hitsura kong malandi ako?” self-deprecating na sabi nito. “For someone who’s supposedly dorky, ang bilis mo nga, eh. Talo mo pa ako.” Muli itong natawa. “Pero hindi rin kita masisisi kung dahil sa nalaman mo ngayon ay wala na tayong second date. O magyaya ka na agad na umuwi na tayo.”

He blinked. “No, hindi iyon.” Suddenly, he felt guilty about his little act. Napailing siya bago hinawakan ang kamay nitong nasa mesa. “But I think we should leave—”

“I knew it,” she shrugged. Nagpahila ito sa kanya patayo.

“Hindi pa ako tapos,” kunot ang noong sabi niya habang iginigiya ito palabas. “We’re leaving now and going some place else.” He smiled as he looked at her when they were out the door. “I mentioned this gaming bar I co-own, right?” And he’d never told any other woman about it.

Tumaas muli ang kilay nito. “Yeah?”

“Hindi ko yata nasabing narito din sa *Centralis* iyon, sa *Four*.” He nodded at the next building. “And we’re going there now.”

He hadn’t brought any other woman there, either. Not even once since the bar began operations almost two years ago. Kaya naman pagpasok nila roon ay kitang-kita niya kung paanong napatingin sa kanila ang lahat. Lahat ay parang di makapaniwala. Mula sa mga regulars nila, sa staff, sa kasosyo niyang sina River at Hunter, at sa chef na si Cara.

Maging si Shawn ay nakatingin na sa kanya. “Bakit ganyan ang reaksiyon ng mga yan?”

“I haven’t brought anyone here,” pag-amin niya. He entwined his fingers with hers as they walked toward the bar. “What do you want? I’ll just have a bottle of flavored beer.”

Pinasadahan nito ng tingin ang menu sa bar. “Kurant flavored vodka, ice blended.”

Ibinigay niya ang order sa bartender bago bumaling sa mga kabigang nasa malapit lang at tinanguan ang mga ito. “Shawn,” simpleng pakilala niya sa babae, sabay taas ng kamay nitong hawak niya. He then turned to her. “River, Hunter and Cara.”

Namimilog ang mga mata ng dalaga nang tumingin sa kanya bago nito hinarap at binati ang mga kaibigan niya. His friends looked genuinely pleased to meet her. After all, kakaiba ito sa tipo ng babaeng karaniwang idine-date niya.

“Alam mo bang ikaw ang kauna-unahang babaeng dinala niya dito at ipinakilala sa amin?” makahulugang sabi ni River kay Shawn. Palihim na sinuntok niya ang kaibigan.

Cara pointed to her eyes to indicate that he was still wearing his glasses. Alam kasi ng mga ito na kapag wala siyang kaharap na dokumento o computer, o kung hindi siya nagda-drive ay inaalís niya iyon. “Tyler, may s—”

“I know what you’re about to say, Cara,” putol niya sa kaibigan, na pinanlakihan siya ng mga mata bagaman nanahimik na rin.

“This is unbelievable, Pare. Sino’ng mag-aakalang darating ang panahon na may dadalhin kang babae dito? Ibig sabihin ba nito tapos na ang pagka—”

“Tapos na ang pagkatorpe ko?” agap niya sa tiyak na pagpapahamak sa kanya ni Hunter. Sumulyap siya kay Shawn na noon ay mukhang malapit nang magduda sa inaakto ng mga kaibigan niya.

Nangungunot ang noo nito. “Actually, she didn’t want to go out with me at first. Kanina ko lang siya nakilala. Pero naawa yata.”

Halos magkasunod na napaubo sina River at Hunter habang si Cara ay matamang nakatingin sa kanya.

“Well, we’re hitting the war room first,” sabi niya sa mga kaibigan bago pa kung ano ang lumabas sa bibig ng mga ito. Shawn was quiet, mukhang nakikiramdam lang. Nagsisimula na rin siyang kabahan.

But then she was still holding his hand and now looking at him curiously....

---

“You gotta be shitting me.”

Tuluyan nang pinakawalan ni Shawn ang kanina pa pinipigilang tawa sa nakikitang reaksyon ni Tyler nang mapagtanto nitong gaya ng sa nauna pa nilang nilaro ay talo na naman ito. It didn’t matter if it’s a PC, *PlayStation*, *Xbox* or *Wii* game, dahil sa lahat ng naisipan nitong laruin nila sa *Playa* ay natalo niya ito. Ibinaba niya ang racket na gamit nila sa katatapos lang nilang tennis match sa *Wii*.

“Kung may award lang dito para sa nakakatalo sa akin, sa iyo ibibigay ang Hall of Fame,” naiiling na sabi nito bago iminuwestrang maglakad sila patungo sa isang maliit na hallway. Bitbit nito ang drinks nila.

“I dated guys who taught me a few tricks.” Ngumiti siya rito bago kinuha ang tall glass ng apple-flavored vodka. Ipinagbukas siya ni Tyler ng pinto. The short hallway led into the spacious balcony which was also a storage area. May ilang nakatiklop na mesa, silya at isang billiard table doon.

“Ilan na ba ang nai-date mo?” tila asar na tanong nito.

“Honestly? Hindi ko na mabilang. More than a dozen na, for sure.” She sipped her drink. “Hindi naman nagtatagal ang mga ’yon. Matagal na ’yung lumampas ng isang buwan.” She looked straight ahead. May golf course sa tabi ng apartment complex at sa di-kalayaun ay ang skyline ng Ortigas. Doon niya ipinako ang tingin para mapaglaban ang nararamdamang pagka-conscious sa tingin ni Tyler.

“Ganoon kadami? In a span of what? Gaano katagal ang bago ka magka-date ulit?”

“Hmm... in a span of almost three years. Hindi naman ako ’yung papalit-palit agad. Mga isa o

dalawang buwan siguro ang lumilipas before I meet someone again, on the average.” Tumingin muli siya sa binata. Lukot pa rin ang mukha nito at parang hindi talaga nagugustuhan ang naririnig. He was probably shocked.

Nang una niyang makita si Tyler kanina, at sa kabila ng inakala niyang pagiging nerdy nito, naisip niyang hindi malayong heartthrob ang lalaki. Tiyak na maraming babaeng nagkakagusto rito, at marami na itong naging girlfriend. Pero nang malaman niya mula mismo sa mga kaibigan nito na siya ang unang babaeng dinala nito sa *Playa*, nalito siya. Hindi rin nakaligtas sa kanya na parang may kakaiba sa interaksyon kanina ng magkakaibigan.

“Masyado ba akong liberal for your taste? Would you rather be with someone who’s virginal, mahinhin, never-been-kissed and never-been-touched?” Tumaas ang isang kilay niya.

Umiling ito. “No, not really.” Nanatiling nakapako ang tingin ni Tyler sa kanya, tila malalaim na nag-iisip. “Pero wala ka bang nagustuhan sa mga naka-date mo na iyon? May mga naging boyfriend ka na ba dati?”

“Oh...” Napatango siya. She leaned on the billiard table as she met his gaze. “Okay naman silang lahat.

They're all fun. Kaya lang, kapag nararamdaman kong may iba na silang gusto bukod sa kung ano'ng mayroon kami at higit pa sa kaya kong ibigay, lumalayo na ako. Ipinapaalala ko sa kanila ang mga bagay na sa umpisa pa lang ay nilinaw ko na. That I don't do relationships."

"And why is that?"

"Because they don't work, anyway." Napailing siya. "My first boyfriend in first year college was a player. Tatlo pala kaming sabay-sabay na girlfriend niya. Second one, na naging boyfriend ko n'ong fourth year until when I was twenty-two, ipinagpalit ako sa nakilala niyang babae n'ung company outing nila sa Boracay. And the third, magtu-two years na kami nang malaman kong ginamit lang pala niya ako para masiguro ang nararamdaman niya at pagselosin na rin ang childhood sweetheart niyang matagal na niyang gusto. Ayun, kasal na sila."

Napabuga siya ng hangin bago inubos ang laman ng hawak na baso. She put it down, with a thud, on the billiard table. She hated talking about her past failed relationships. Para kasing muling nabubuhay lang ang sakit na iniwan ng mga iyon.

"You're afraid to get hurt again?" Nawala na ang pangungunot ng noo ni Tyler. Nilapitan siya nito at

tinabihan.

“Partly, yes,” she admitted. “At disappointing rin kasi na eighty percent yata ng mga nakaka-date ko would pretend to want more out of what we have, pero halata namang ang habol lang nila ay ang karapatan para maging mas... intimate kami.” Muli siyang napailing. “I told you, I’m about hanging out and having fun lang. Bonus na kung sincere talaga ’yung nakikilala ko at ipinapakita talaga sa akin kung ano o sino sila.”

“And you’ve dated assholes so far?”

Natawa siya. “Not all. ’Yung mga matitino, ayun, boyfriend na sila ng ibang kakilala ko. I just don’t believe in relationships anymore, Tyler. I’m actually ready and willing to grow old single. Kesa naman ’yung hahanap lang ako ng batong ihahampas sa ulo ko. Sawa na ako sa ganoon.”

“But you’re young. You’re only, what, twenty-five?”

She smirked. “For a nerdy guy, medyo bolero ka, ha. Twenty-seven,” she sighed. “Ayoko nang pagdaanan pa uli ’yung pinagdaanan ko dati. Literal na masakit. Naaawa na rin ako kay Mama, pati siya ay nahihirapan noong times na broken-hearted ako. If



my dad lived long enough to witness my heartbreaks, baka dalawa pa silang nasasaktan din para sa akin.”

Bumaling siya upang tingnan ito. “Okay na ako sa ganito. Na tanggap ko everytime kung ano ang puwedeng mangyari, na in control ako sa sitwasyon. I’ve met a few good men, but I just don’t see myself committing to anyone anymore.”

He pursed his lips. “Even to someone na type mo? Liss said you like the nerdy types.”

Natawa siya. “Nagpapaniwala ka kay Liss.”

“Mali ba siya?” Sa hitsura ng binata ay parang hindi nito matatanggap kung negative ang sagot niya. Shawn bit her lip to keep herself from giggling.

“Hindi naman. Pero iyong mga nerd kasi na nakikilala ko, na nagiging crush ko, ang totorpe naman. ’Yung iba, mga taken na.”

“Hindi ako torpe, medyo choosy lang,” ngisi nito. “And I am single.”

“Okay.” Muli siyang natawa, more to cover up her nerves. Para kasing ang lapit na ni Tyler sa kanya ngayon. He also hadn’t taken his eyes off her for a long time. “You know what, I am beginning to think you’re one Casanova in Clark Kent glasses.”

“You think that’s bad?” he asked, his voice low.

*Shit! Lasing na ba ang lalaking ito? Pero ni hindi ito namumula, at nakakaisang bote pa lang ito ng beer. Flavored pa.* “You trying to seduce me, nerdy boy?” Nauwi sa paglunok ang gagawin niya sanang pagngisi nang gumalaw ito palapit habang palipat-lipat ang tingin sa kanyang mga mata at mga labi.

“Is it working?” he whispered.

“Try harder,” bulong din niya nang maramdaman ang isang kamay nito sa kanyang baywang.

“Gladly,” he said before he held her face with one hand and kissed her hard. He was an awesome kisser. For someone she thought was somewhat dorky, he could kiss like a pro. Or maybe he was a pro. His kiss was demanding and giving at the same time. Bago pa man siya nito nabuhat upang maiupo sa billiard table ay tinutugon na niya ang halik nito.

The fact that he was now standing between her legs, and that he was caressing them, then up to her arms and neck, was almost lost on her as she kissed him back. Kay tagal na ring walang sinuman ang nahagkan siya nang ganito. Ang huli marahil ay iyong ikatlong ex pa niya. And that was three years ago.

Hindi alam ng dalaga kung bakit hinahayaan

niya itong mangyari, kung paanong tinutugon niya ang halik ng lalaking kanina lang naman niya nakilala. She didn't even allow her exes to kiss her after several dates! His kisses were stirring emotions and awakening sensations within her. She felt a cold shiver down her spine when she felt his mouth leave hers and make its way to her jaw, down her neck.

Halos mapasabunot siya rito dahil kasabay niyon ay ang masuyong paghaplos ni Tyler sa kanyang likod. He also pressed himself closer, completely closing the gap between their bodies. One hand went inside her top. Gently, his fingers flexed on her skin, and that hot contact jolted her awake. Para siyang pilit ginising mula sa isang magandang panaginip.

Mahigpit na nahawakan niya sa balikat si Tyler at marahan itong inilayo. "W-what are we...?" she gasped as she steadied herself. Para siyang naliliyo sa sensasyon na di mawari. Matapang na sinalubong niya ang tingin nito. His eyes mirrored her desire, and she was not sure if she liked it. She just lost control right there.

She had never lost control. Ever.

Muli siya nitong hinagkan sa mga labi, ngunit saglit lang dahil naramdaman marahil nito ang pag-aalinlangan niya.

“What’s wrong?” sabi nito nang ilayo ang mukha. Natabingi na ang salamin nito sa mata. Bahagyang nanginginig pa ang kamay na inayos niya iyon bago marahan itong itinulak palayo.

She pushed herself off the billiard table. “I should go home,” tugon niya bago ipinagpag ang kamay sa gilid ng pantalon. Nagpatiuna na siyang magtungo sa pinto. Dere-derecho siya sa hallway, sa hagdanan, pababa sa first floor kung saan nakita niyang mga nakatingin sa kanila ni Tyler ang mga kaibigan nito. Mabilis siyang nagpaalam bago tuluyan nang lumabas ng pinto.

“Shawn, wait! What’s going on?”

Hindi niya maamin na ito pa lang ang muli niyang nahagkan in three years. Hindi niya masabing sa mga nakaka-date niya ay ni hindi siya nagpapahalik maliban sa beso, na kapag sumubok ng higit pa roon ay automatic na dinidispatsa na niya. She could not let him know that she hadn’t responded to any man the way she did with him. And that now, it was bothering her so.

“It’s late! Kailangan ko nang umuwi,” aniya habang palapit sila sa kanyang sasakyan.

“Ihahatid na kita.”

“I have a car.” Itinaas niya ang hawak na susi.

“I’ll be right behind then,” giit nito.

She sighed. “Fine.”

“And I’ll see you again, Shawn?” tanong muli ng binata.

Hinarap niya ito. “Do I have a choice, Tyler? Alam mo kung saan ako nagtatrabaho. At kahit siguro sabihin kong huwag, susundan mo pa rin ako pauwi.” Napailing siya. “I’ll see you.”

Ngunit nang nasa sasakyan na siya at kasalukuyang binabagtas na ang daan pauwi, parang gusto niyang pagsisihan ang pagpayag. Tyler Salvatierra may look dorky and naïve. But after that hot, mind-blowing kiss, his name might as well be synonymous with ‘trouble’.

# 3

“Can we get your vote now, Mr. Salvatierra, or should we meet again tomorrow for this?”

Napakurap si Tyler bago napatingin sa mga kasamahan sa boardroom at sa executive assistant ng kanilang COO na nakatayo sa tabi ng projector screen sa harap, at pawang nakangisi sa kanya. Dumerecho siya ng upo at muling minasdan ang grid view ng mga videos ng proposed ad campaigns na pagpipilian nila. They had been meeting with various advertising agencies for the past weeks para sa ilo-launch na bagong compact SUV ng *Amiro Motors*, where he was a junior vice-president for marketing.

Ang nagsalita ay ang EVP nila na si Markus, na limang taon lang ang tanda sa kanya. Ang mga kasamahan niya sa conference room ay panay makahulugan din ang tingin dahil kaibigan niya ang mga ito at tiyak na may ideya na kung bakit distracted siya.

He cleared his throat. “I’m for *Break Away* by *Adworx*.” Itinuro niya ang video na nasa upper right ng grid bago ipinaliwanag kung bakit iyon ang napili niya. Matamang nakinig naman ang mga kasama.

Muli silang nagpulong sa huling pagkakataon hanggang sa wakas, matapos ang ilang buwan ding pagpapalano para sa nakatakdang launch ng bago nilang sasakyan, nagkasundo rin sila sa gagamiting ad campaign.

The meeting was adjourned, with everyone heaving a sigh of relief, before they rushed out of the conference room. Ang natira ay si Markus, ang chief auto designer nila na si Hunter, at ang isa sa company lawyers nila na si River.

“We’ll get a bit of a downtime in the next week or so, pero hindi ibig sabihin ay hahayaan ka na lang naming lutang sa trabaho, Salvatierra,” umpisa ni Markus. “So, what’s her name?”

“Shit!” naiiling na sabi niya sa mahinang tinig bago napabuntong-hininga. Wala namang saysay kung magkakaila pa siya. Alam na ng mga kaibigan ang likaw ng bituka niya, at madalas ay natutulungan din siya ng mga ito sa tuwing kailangan na niyang umiwas sa babae. “But Shawn is different...” At huli na para mapagtanto niyang naisatinig pala niya ang nasa isip. *Damn!*

Nag-high five sina Hunter at River bago in-update ng mga ito si Markus tungkol sa dalaga.

“At mukhang may matinding itinatago itong si Tyler kay Shawn dahil parang ayaw ipakausap sa amin, eh. Sinolo agad,” natatawag sabi ni River.

“She doesn’t look like she can be easily fooled, Pare. Kahit mukhang bumenta sa kanya ’yung malaman na first time mong nagdala ng babae sa *Playa*, maghintay ka lang. That woman will soon find out who and what you really are,” dugtong ni Hunter.

He sighed once more. “Shawn thinks I’m a nerd.”

“What?” kunot-noong tanong ni Markus.

“Kalokohan! Dahil lang nakasalamon ka? Issue ba ’yon? Nabasted ka dahil d’on?” tila tuwang-tuwa pang tanong ni River.

“She was aloof at first, Pare. And I found out from her close friend na may-ari ng salon na weakness niya ang mga nerdy types. Kaya kinarir ko na.” Napailing siya. “Turns out she’s a hot nerd herself. She likes everything about *Lord of the Rings*, *Harry Potter* and *Narnia* series. She likes 80s and 90s music. Spy novels. And oh, she beat me in every f\*cking game we played at *Playa* last Saturday. Kung available lang siguro ang karaoke room, baka tumba rin ako d’un.”

“Whoa!” kunwa ay gulat na sabi ni Markus pero natatawa rin. “Kaya nagpanggap kang... nerd? How



so?”

“I told her I have a Neil Gaiman collection. At *Batman*.” Tumingin siya kay Hunter na sa siyang certified nerd. “Na favorite ko din si Philip K. Dick kahit ’yung movie adaptations lang ng mga libro niya ang alam ko. That science fascinates me, kahit na ang alam ko lang ay ang female anatomy.” Nagtawanan ang mga kaibigan niya. “That I also like music from the 90s, even if I only know those sexy make-out songs. Like those by Maxwell, or Usher...”

“And then your glasses,” natatawa na ring saad ni Hunter. “Pare, pag nerdy, kailangan hindi kasingkapal mo. Dapat ay awkward, mahiyain, nagba-blush. Medyo nakakahiya ang diskarte. Clueless.”

“Hindi mo napansin? Ganoon na siya noong Sabado pa lang,” sabad ni River bago tiningnan siya. “That woman brought out the inner geek in you, my friend.” Napailing ito.

“But wait, there’s more...” sarkastikong turan niya. Ikinuwento niya ang mga sinabi sa kanya ni Shawn tungkol sa sarili nito. Gulat na gulat ang tatlo, bagaman halatang mga napa-fascinate din. “A woman who’s into nerds who’s pretty much my female counterpart, if she is to find out what I really am.”

“And you really like her,” ani Markus.

Tumango siya. “Yes.” He was remembering their kiss now, how her soft body felt against his. Ngunit ang kagustuhan niyang makita itong muli ay hindi lamang dahil gusto niyang ipagpatuloy nila ang naumpisahan sa balcony ng *Playa*. He had never felt like this in ages but he really, seriously wanted to be with Shawn, or just see her again.

“Paano kapag nalaman niyang peke ka pala? Kagaguhan iyang pinasok mo, Pare,” napapailing na komento ni River.

“I’ll come clean, of course,” aniya. “Pero sa ngayon, ayokong malaman niya kung sino at ano talaga ako.”

“Hah! At may plano kang pagtagalin? Hindi ba at may life span ng at most one month ang pakikipagrelasyon mo?” Hunter made a quote-unquote sign.

“You’ve met her, Pare. Alam mong iba siya sa lahat.”

Napangisi ang mga kaibigan niya. “Mukhang siya lang naman ang iyong katapat,” natatawang saad ni River.

“And that’s why I need your help. Kayong tatlo.”  
itinuro niya isa-isa ang mga kaibigan. “Nerdy Boy  
101.”

Nagkatinginan lang ang mga kausap niya bago  
natatawang binalingan siya ni Hunter.

“Regaluhan mo ng lechon.”

---

Hindi lechon kundi isang hindi maintindihang  
bouquet ng samu’t saring mga bulaklak ang bumulaga  
kay Shawn nang labasin niya si Tyler sa reception  
area mula sa maliit na opisina ng *Tod and Mari*. He  
looked dashing in a crisp checkered buttdown shirt  
and coal grey slacks. Itim na sneakers ang suot nito  
sa paa. Ang relo nito ay may logo ni *Batman*. Tumaas  
ang isang kilay niya.

“Cool watch,” bati niya nang makalapit dito.

Ngumiti lang ito bago inilapit ang sarili sa kanya  
at akmang hahagkan siya, ngunit itinulak niya palayo  
ang mukha nito. “What? Para namang hindi mo ako  
hinalikan n’ung Saturday,” kunwa ay nagtatampong  
sabi nito.

Nanlaki yata ang ulo niya sa narinig. Narinig  
niyang natawa sa likuran niya si Liss at ilang staff nila.

“Pakilakasan pa, sige lang,” asik niya. Tiningnan niya ang hawak nito. Parang dambuhalang bridal bouquet ang pagkakaayos niyon, na by layers, depende sa klase ng bulaklak. Nauuna ang pink carnations, then red roses, yellow tulips, white stargazers at ang nasa pinakagitna ay isang malaking puting cabbage rose.

“Ako ang nag-ayos nito,” tila proud pang sabi nito bago iniabot iyon sa kanya.

Nailing na tinanggap niya iyon. “Thanks.”

“Wait.” Kinuha nito ang isang stargazer, pinutol ang tangkay, at iniipit ang bulaklak sa kanang tainga niya. “Perfect.” At bago pa siya nakapag-react dahil sa kagila-gilalas na kabaduyang ginawa nito ay magangang na nahagkan na siya nito sa mga labi. He was grinning when he pulled away.

Mahinang nagpalakpakan ang mga nasa likuran niya. Tiningnan lang niya nang masama ang mga ito. Asar na inalis niya ang stargazer at ibinalik iyon sa bouquet. Iniabot niya iyon sa isang staff nila. “Palitan mo iyong nasa mga vase natin.”

“Iyong malaking rose, ilagay mo sa office niya, ha,” sabi pa ng binata bago niya ito hilahin palabas ng salon.

“What are you doing?” kompronta niya rito nang

nasa labas na sila. She pulled him toward the direction of the small park. Matapos ang ilang araw na hindi nagti-text si Tyler at hindi niya ito napagkikita, ang akala niya ay tapos na ang ugnayan nila. After all, she wouldn't want to be involved with someone as naïve as he was. Mukha kasing lubos itong naging apektado sa nangyari sa kanila noong Sabado ng gabi. Heto nga at kung umakto ay parang sila na.

“Seeing you. Being with you now,” he grinned. “Sobrang busy nitong nakaraang araw at na-miss kita nang husto, alam mo ba 'yon?” Lumapit ito. “Pero magaan ang schedule ko sa mga susunod na araw so I can be with you more.”

Napaatras siya. “Alam mo kung anong klase ako, di ba? Kung ano lang ang kaya kong maging... ang kaya kong ibigay.” Napabuntong-hininga siya. “Tyler, you seem like a really sweet guy, but if you're looking for a relationship, you know I'm not the kind you would want.”

Ilang sandaling minasdan siya ng binata na tila pinag-iisipan ang sinabi niya. Even through those glasses, his eyes and the intent in his gaze were slowly making her heart beat fast. Hindi niya mawari kung kaba iyon o excitement. Idagdag pang halos magdikit na ang mga katawan nila, at ang tanging naalala niya

sa pagkakalapit nilang ito ay ang naganap noong Sabado ng gabi.

“Then kung ano na lang ang kaya mong ibigay, Shawn,” anito, nakikiusap ang mga mata. “Hindi ako magde-demand ng higit pa doon. I only want to be with you.”

Siya naman ang nagmasid dito. Wala pa siyang nakilalang lalaki na nakiusap nang ganoon sa kanya, sa umpisa pa lang. Most of the men she dated were cocky and self-assured. Halata pang masyado ang intensyon ng mga iyon sa kanya, and most just wanted to see how long it would take before they could get her to bed. Most times, she would just dump them before they even realize they've been waiting long already.

That is, if they consider a month a long enough time for waiting.

“Okay lang kung may expiration date, basta hayaan mo lang akong makasama ka, please?” His soulful eyes looked at her pleadingly. It tugged at her heart. Akalain ba niya iyon, may puso pala siya? “Alam ko naman kung hanggang saan lang puwede. You made it clear the last time. But I still want to give it a try. I still want to be with you.”

Patuloy na minasdan lang niya ang kaharap. Those eyes, and that deep, soothing voice seemed to slowly seep into her, as if casting a spell. Karaniwan ay hindi niya hinahayaan ang kahit sino na magkaroon ng kahit katiting na ganoong klase ng kontrol sa kanya.

Napailing siya. Bumibilis ang tibok ng puso niya maisip pa lang ang nangyari noong Sabado. “Don’t think too much of last Saturday, Tyler. Pareho tayong medyo nakainom. Nagkabiruan, nagkasubukan. I enjoyed it but don’t ever think it meant anything.”

Mataman lang itong nakatingin sa kanya. “I won’t.”

“If it happens again...” She swallowed. Ganito sila kalapit sa isa’t isa at iyong naganap pa noong Sabado ang pinag-uusapan nila? “If ever, it wouldn’t be because I feel something more than what I’m supposed to, but because I simply want to and just chose to enjoy it, okay?”

Tumango ito, hindi inaalis ang tingin sa kanya. At kung tingnan siya ni Tyler ay parang wala na itong ibang gustong masdan kundi siya lang. His gaze was intent and inviting at the same time.

“Okay, Shawn.”

She laughed nervously. “For someone who’s supposed to be nerdy, parang kapos ka sa pagka-awkward.” She took a step away, but he caught her waist.

“I’m just too overwhelmed to be awkward, I guess.” Bahagya itong ngumiti habang hindi inaalís ang tingin sa kanya. His gaze then lowered to her slightly open mouth.

It was just his eyes looking longingly at her lips, but it already felt as if he was kissing her. Inilapat niya ang mga palad sa dibdib nito at bubuwelo sana upang lumayo. Ngunit inilapit lang ni Tyler ang mukha sa kanya. Gahibla na lang ang layo ng mga labi nila sa isa’t isa.

“Too overwhelmed that it’s m-making you quite an expert in... this?” She struggled to keep her eyes open. Pilit niyang pinapanatili ang kontrol sa nangyayari, bagaman tila wala na siyang magagawa sa puso niyang parang naghahabol sa oras.

“Too overwhelmed that I’m finding it so damn hard to resist doing... this,” he whispered before his lips finally conquered hers, kissing her softly, tentatively at first, before it became hotter, hungrier than the last they shared. Ilang araw lang silang hindi nagkita ay tila taon na ang binilang simula nang huli



nilang mahagkan ang isa't isa.

And they were kissing each other as if certain intense feelings were actually involved, and they were both pouring those out into that kiss. Kapwa sila naghahabol ng hininga at halos hindi bumitaw sa isa't isa nang maghiwalay ang kanilang mga labi. But barely. Their breaths mingled as they struggled to keep from kissing again.

“I think we should...” Marahan niya itong itinulak.

“Dinner,” he offered. Lumipat ang mga kamay nito sa kanyang mga braso patungo sa kanyang mga kamay.

“Yes.” Patuloy niyang kinakalma ang sarili. Kay tagal na panahon na simula nang may ganito katindi siyang naramdaman para sa isang lalaki. At kay Tyler pa na iilang araw lang niyang nakikilala! She never even allowed her exes to kiss her this way until after a few weeks or months that they've been together. At sa isang lugar pa na bagaman medyo madilim ay madali ring makikita ng kahit na sinong mapapadaan!

“Let's try that Japanese place in my building? Promise hindi kita pakakainin ng hilaw kung di mo gusto,” nakangiting sabi nito, marahang pinisil ang isang kamay niya.

*Tyler's Fall - Sachi Bliss*

---

Ilang sandaling minasdan niya ito bago napangiti na rin. “Fine. Siguraduhin mo lang,” aniya na hinayaang maigiya ng binata patungo sa direksyon ng building nito sa kabilang panig lang ng parke.

Their fingers were intertwined as they walked so close together. Ang pakiramdam ng mainit nitong kamay ay paulit-ulit na nagpapaalala sa kanya ng nangyari kanina lang.

Another mind-blowing kiss, her raging heartbeat, and her loosening grip on her self-control.

Confirmed. She was in trouble now.